Para sa mga mag-aaral ng Grade 4, ang mga guro ay nagbibigay ng report sa parehong subjects ng mga mag-aaral sa Grades K hanggang 3.
Karamihan ng paaralan ay gumagamit ng markang letra na may kasamang mga komento para sa Grade 4.

Para sa mga mag-aaral ng Grades 5, 6, at 7, ang mga guro ay nagbibigay ng report sa parehong subjects tulad ng sa Grades K hanggang 4.

Sa umpisa ng Grade 5, ang mga mag-aaral ay nag-aaral ng dagdag na wika. Kadalasan, ang wika na iyon ay French.

Karamihan ng mga mag-aaral ay tumatanggap ng markang letra na may kasamang mga komento katulad ng binibigay sa Grade 4.

Para sa mga mag-aaral ng Grade 8, ang mga guro ay nagbibigay ng report sa parehong subjects ng mga mag-aaral sa Grades K hanggang 7.

Umpisa sa Grade 8, ang mga mag-aaral ay maaring pumili ng isa sa mga Fine Arts na kurso: sayaw, drama, musika, o visual arts. Karagdagan dito, ang mga mag-aaral ay maaring pumili ng kurso sa Applied Skills kung saan merong Technology Education, Information Technology, Home Economics, o Business Education.

Markang letra ang binibigay sa bawa't subject bawa't term.

Para sa mga mag-aaral sa Grades 9 hanggang 12, ang mga guro ay nagbibigay ng report sa lahat ng subjects. Sinisigurado ng mga guro at counsellors na pinipili ng mga mag-aaral ang mga subjects na kailangan nila para sa pagtatapos.Halimbawa, ang mag-aaral na gustong pumasok sa tiyak na kolehiyo o post-secondary institution, tinutulungan sila ng kanilang mga guro-counsellors na piliin ang mga kinakailangang kurso sa pagtatapos. Sa karagdagang impormasyon, basahin ang brosyur na may titulong **Graduation Requirements in BC.**

VSB

**"Report Cards in BC"**

[Filipino]

Ang brosyur na ito ay isa sa mga serye na inisponsoran ng programang VSB SWIS at ang pinagsamang gawain ng mga ESL na guro at ng grupong VSB MCLW.

Canada British Columbia WelcomeBC

Ang programang ito ay ginawang posible sa pamamagitan ng pondo galing sa Gobyerno ng Canada at ng Probinsiya ng British Columbia.

# *Report Cards sa BC*



## *Mahalagang Impormasyon para sa mga Magulang*

## Ano ang report cards?

Ang report cards ay ligal na dokumentong sinusulat ng mga guro upang ilarawan ang progreso ng inyong mga anak.

## Gaano kadalas pinapadala sa bahay ang report cards?

Tatlong beses sa isang taon ang padala ng Formal written reports sa bahay. Ang tiyak na petsa ng pagpadala ay nag-iiba-iba sa bawa't paaralan.Karagdagan dito, merong dalawang impormal na report na maaring magsama ng:

tawag sa telepono;

emails;

Komperensiyang pinangungunahan ng mga mag-aaral;

komperensiyang kasama ang guro at magulang; o

mga notes sa agenda/planner ng inyong anak.

## Anong impormasyon ang kasama sa report card?

Ang report cards ay nagbibigay ng impormasyon tungkol sa progresong-akademiko ng inyong anak, pag-uugali,gawi sa pagtatrabaho at pagsisikap. Lahat ng report cards ay may kasamang impormasyon tungkol sa:

- pangalan, address, at telepono ng paaralan;
- pangalan ng inyong anak;
- pangalan at lagda ng mga guro na sumusulat ng report;
- pangalan at lagda ng prinsipal o bise-prinsipal ng paaralan;
- paliwanag tungkol sa markang letra at simbolo ng work habit;
- bilang ng mga araw kung kelan late o absent ang inyong anak;
- mga pahayag tungkol sa lakas at tagumpay ng inyong anak;
- mga layunin sa pag-aaral na hinaharap; at
- mga paraan ng pagsuporta ng pag-aaral sa bahay.

Para sa mga Grades K hanggang 7, maaring itago ng mga magulang ang report card, pero kailangan nilang pirmahan ang sobre na kinalalagyan nito bilang pampatunay na natanggap at nakita nila ito.Itong mga sobre ay kailangan isoli sa paaralan para gamitin ulit sa susunod na bigayan ng report cards.

## Anong subjects ang inire-report ng mga guro?

Kinakailangan magbigay ng markang letra at/o komento ang mga guro tungkol sa abilidad ng mag-aaral na tumugon sa inaasahang resulta sa bawa't subject na angkop sa kaniyang grado.

Most subjects are reported on each reporting period. In Grades K to 3, progress is reported by comments only.

Para sa Kindergarten, Grade 1, 2, at 3,ang mga guro ay nagre-report sa:

- English Language Arts (pakikinig, pananalita, pagbabasa, pagsusulat, pagtitingin at pangangatawan;
- Social Studies;
- Mathematics;
- Science;
- Physical Education;
- Fine Arts (sayaw, drama, musiko at visual na sining);
- Kalusugan at Edukasyon Pang-Karera; at
- Pangaraw-araw na Gawaing Pisikal.

